American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-07, Issue-09, pp-41-51
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Level of Competence in Writing Essay: Basis for The Development of Educational Video In Grade 7 And 8

[1]Chinee R. Gonzales, MaED ; [2]Baby S. Abagon, Ed.D
[1]*Santiago Integrated School, Botolan Zambales*
[2]*President Ramon Magsaysay State University, Iba Zambales*

**ABSTRACT :** The study aimed to assess the level of competence in writing essay and develop educational video for the grade 7 and 8 students of Santiago Integrated School, Bangan-Capayawan Integrated School at Carael Integrated School,Botolan, Zambales. A.Y. 2022-2023. The research design used was descriptive research design.Conclusion was drawn based on the result: The level of competence in writing essay of the student was Intermediate in terms of process and skills in narrating the introduction and body of the essay, while beginners for the writing the end or conclusion of essay. Intermediate in organization of ideas while beginners in writing coherence and emphasis. It was also found out the students are beginners for mechanics including capitalization and spelling. The students agreed on the challenges encountered in writing essay. Ther is no significant relationship between level of competence and challenges encountered in writing essay. The intervention developed was called TALA-SERYE. Recommendation was drawn based on the result and conclusion. Teacher may use creative and approaches in teaching to develop student competence in writing. Use proper multimedia to keep up with the times in teaching. Include in the learning activity session the development of writing skills of the students.

***KEYWORDS :*** *Paraan at kasanayan, organisayon, mekaniks, pagsulat ng talata*

## I. INTRODUCTION

Isa sa mga makrong kasanayan ang pagsulat na dapat malinang ng isang indibidwal partikular na ng mga mag-aaral. Ito ang nagsisilbing lundayan ng anumang naiisip at nararamdaman ng isang tao. Ang anumang hindi masambitla nang harapan sa paraang pasalita ay maaaring maisiwalat sa paarang pasulat. Malayang naipapahayag ng tao kaniyang sariling opinyon, pananaw, o persepsyon sa ganitong pamamaraan. Ang kasanayang ito ay nakatutulong upang mahubog ang angking tiwala sa sarili maging ang kakayahan sa epektibo at mabisang pakikipagtalastasan. Kadalasan din itong nagagamit sa mga gawaing pampaaralan upang matiyak ang kabisaan ng pagkatuto ng mga mag-aaral maliban pa sa pakikinig, pagbabasa, pagsasalita at panunuod. Masasabing malaki rin ang naitutulong ito sa indibidwal sa kaniyang paghubog sa kasanayang pampag-iisip bukod pa sa pagiging intrumento nito sa malayang pagpapahayag.

Ang pagsulat ay isang proseso at dahilan sa ito'y proseso, kailangan itong ituro at pag-aralan. Ito'y upang maituro ang wastong paraan ng pagsulat ayon sa kanyang dapat na maging sunod-sunod na hakbang. Ang pagsulat ay walang katapusan, paulit-ulit na proseso sa layuning makalikha at makagawa nang maayos na sulatin. Maituturing itong isang napakahalagang salik ng pagkatuto ng gawaing pagsulat na siyang magpapatunay sa naisagawa ng tao sa lipunan na kaniyang kinabibilangan. Nangangahulugan ito na kung ang mag-aaral ay may potensyal sa pagsulat, nararapat lamang na pukawin ang natatagong talino upang makamit at maipalabas ang kakayahan at linang nang husto ang kasanayan. Isa naman sa mga nakikitang solusyon sa suliraning ito ang kahandaan ng isang guro sa pagtuturo ng pagsulat na may kalakip na mabisang estratehiya gaya ng maraming pagsasanay [1 ]

Pinatutunayan ng mga nabangggit na impormasyon na ang process approach ay maaring magamit upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay nagagabayan at nalilinang ang kakayahan sa pagsulat na napakahalaga sa pagkakamit ng pang-akademikong pagganap. Ang 'process approach' ay isang estratehiya sa pagsulat na hindi nakatuon sa produkto ng sinulat kung hindi sa proseso ng pagsulat. Ang mag-aaral ay sasailalim sa tatlong yugto ng pagsulat: ang unang yugto ay ang pre-writing na kinapapalooban ng panimulang gawain gaya ng pagpili ng

paksa, anyo ng komposisyon, paglilimita sa paksa, pangangalap ng impormasyon at pag-aayos ng ideya. Ang ikalawang yugto ay ang pagsulat o writing na kinapapalooban naman ng pagsulat ng burador ay rebisyon at ang huli ay ang pagsulat muli o post writing kung saan nakapaloob ang proofreading at pagbibigay-puna at huling pagsulat. Ito rin ay nagpapatibay ng mga tunguhin ng Kurikulum ng Edukasyong Sekondarya ng 2010 (Secondary Education Curriculum) ang kapaki-pakinabang na Literasi para sa Lahat (Functional Literacy For All) na ibinatay sa mithiin ng Edukasyon Para sa Lahat [2 ]

Ayon sa pag-aaral na ginawa nina [3 ] na pinamagatang “Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English”, lumabas sa resulta na mayroong limang salik na nakakaimpluwensya sa lebel ng kakayahang sumulat sa Filipino at English ng mga mag-aaral. Batay rin sa kanilang karanasan at naobserbahan, narito ang kanilang mga naitala: (1) kakulangan ng bokabularyo sa target na lenaggwahe (2) nahihirapan sa paglalahad at pag-oorganisa ng mga ideya (3) iniisip ng mga mag-aaral na ang pagsulat ay isang mahirap na gawain (4) kakulangan ng motibasyon at interes at (5) nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbabaybay, gramatika, at pagbuo ng mga pangungusap na nagiging bunga ng mababang antas ng kakayahan sa pagsulat.

Dagdag pa ni Anderson [4 ] ayon sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang “Common Writing Challenges High-School Students Encounter and Ways to Help Them”, ang pagsulat ay naging malaking bahagi na ng buhay ng mga mag-aaral, mula sa pinakapayak hanggang sa pinakakomplikadong uri ng sulatin. Sa pagkakataong ito para sa ginagawang pag-aaral, inatasan ang mga mag-aaral na sumulat ng sanaysay, papel pananaliksik, malikhaing pagsulat at iba pa. Salig ito sa pangangailangan na kailangan itong matutuhan ng mga mag-aaral sapagkat magagamit nila ito sa hinaharap.

## II. OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matasa ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng talata at Pagbuo ng Educational Video para sa mga mag-aaral ng Baitang 7 at Baitang 8. Upang higit na maunawaan, narito ang mga katanungang nais mabigyan ng kasagutan sa pananaliksik na ito:

1.Ano ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng talata ayon sa

1.1 Paraan at kasanayan sa paglalahad;

- 1.1.1 Panimula (Introduction)
- 1.1.2 Katawan o Gitna (Body)
- 1.1.3 Wakas o konklusyon (Conclusion)

1.2 Organisasyon ng ideya;

- 1.2.1 Kaisahan (Unity)
- 1.2.2 Kohirens (Coherence)
- 1.2.3 Empasis (Emphasis)

1.3 Mekaniks?

- 1.3.1 Bantas (punctuation marks)
- 1.3.2 Paggamit ng malalaking titik (capitalization)
- 1.3.3 Pagbabaybay (Spelling)

2. Ano ang mga kamalian sa pagsulat ng talata?

3. Ano ang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata?

4. May makabuluhang kaugnayan ba ang mga kakayahan sa hamong kinakaharap sa pagsulat ng talata ng mga mag-aaral?

5. Anong mungkahing interbensyong bubuuin upang maibsan ang hamong hinaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata?

## III. MATERIALS AND METHODS

Ang pag-aaral na ito ay may layunin na tayain ang Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata at Pagbuo ng Educational Video Para sa Mag-aaral Taong Panuruan 2021-2022.

Ang naging mga tagatugon ay ang mga mag-aaral ng baitang 7 at 8 ng Santiago Integrated School, Bangan-Capayawan Integrated School, at Carael Integrated School. Ang pangangalap ng impormasyon o kasagutan ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng questionnaires o talatanungan. Ang mga resultang nakuha makatutulong sa mga guro ng Filipino upang mahikayat ang mga mag-aaral na mapalawak ang kaalaman sa kasanayang pasulat.

Ang mga datos na nakuha sa pananaliksik na ito ay hinimay at ginawan ng talahanayan upang maihanda sa interpretasyon ang analisa ng mga ito. Upang higit ang mga datos, ang mananaliksik ay gumamit ng iba’t ibang uri ng istatistiko tulad ng mga sumusunod.

Porsyento. Ito ay ginamit para malaman o mabatid ang bilang at bahagdan ng mga baryabols gamit ang kaukulang pormula.

Weighted Mean (x). Ito ay ginamit upang malaman ang gitnang bahagdan sa bawat pananaw ng mga tagatugon ukol sa isang paksa.

Pearson R. Ito ay isa sa pangunahing estadistikang kagamitan sa pagbabatayan ng pananaliksik upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan ang kamalian sa pagsulat ng talata sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata.

Likert Scale. Ito ay isang psychometric scale na karaniwang gagamitin sa ganitong uri ng pananaliksik. Inilalahad at inilalarawan ang mga tugon sa mga tanong sa talatanungan. Ang likert scale ay gagamitin upang sukatin ang kabuoang sagot sa isang partikular na sarbey.

Ang mga sumusunod ay ginamit upang masukat ang hamong kinakaharap sa pagsulat ng talata ng mga mag-aaral ng Santiago Integrated School, Bangan-Capayawan Integrated School, at Carael Integrated School

## IV. RESULTS AND DISCUSSION

**1. Antas ng kakayahan sa pagsulat ng Talata**

**1.1 Paraan at kasanayan sa paglalahad ng Panimula**

**1.1.1 Panimula**

**Talahanayan 2**
**Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Paraan at Kasanayan sa Paglalahad ng Panimula**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 20 | 13.79 |
| Mahusay | 3 | 21 | 14.48 |
| Nalilinang | 2 | 72 | 49.66 |
| Nagsisimula | 1 | 32 | 22.07 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **2.200** | |
| | | **Nalilinang** | |

Ipinapakita na dalawampung (20) o (13.79%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, dalawampu't isang (21) o (14.48%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na *Mahusay*, pitumpu't dalawang (72) o (49.66%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, tatlumpu't dalawang (32) o (22.07%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.2 na may katumbas na Nalilinang. Ibig sabihin may kahinaan pa rin kaya't nalilinang ang nakuha ng mataas na marka sa pagsulat ng talata.

**1.1.2 Katawan o Gitna**

**Talahanayan 3**
**Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Paraan at Kasanayan sa Paglalahad ng Katawan o Gitna**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 12 | 8.28 |
| Mahusay | 3 | 16 | 11.03 |
| Nalilinang | 2 | 69 | 47.59 |
| Nagsisimula | 1 | 48 | 33.10 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **1.945** | |
| | | **Nalilinang** | |

Ipinapakita na labindalawang (12) o (8.28%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, labing-anim na (16) o (11.03%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, animnapu't siyam (69) o (47.59%) na mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, apatnapu't walong (48) o (33.10%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 1.945 na may katumbas na Nalilinang. Ibig sabihin may kahinaan pa rin kaya't nalilinang ang nakuha ng mataas na marka sa pagsulat ng talata ayon sa paraan at kasanayan sa paglalahad ng katawan o gitna.

**1.1.3 Wakas o Konklusyon**

**Talahanayan 4**
**Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Paraan at Kasanayan sa Paglalahad ng Wakas o Konklusyon**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 16 | 11.03 |
| Mahusay | 3 | 21 | 14.48 |
| Nalilinang | 2 | 51 | 35.17 |
| Nagsisimula | 1 | 57 | 39.31 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **1.972** | |
| | | **Nagsisimula** | |

Makikita sa Talahanayan 4 ang Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Paraan at Kasanayan sa Paglalahad ng Wakas o Konklusyon.

Ipinapakita na labing-anim na (16) o (11.03%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, dalampu't isang (21) o (14.48%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, limampu't isang (51) o (35.17%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, limampu't pitong (57) o (39.31%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 1.972 na may katumbas na Nagsisimula. Ibig sabihin nagsisimula palang ang kakayahan ng sa pagsulat ng talata ayon sa paraan at kasanayan sa paglalahad ng ng wakas o konklusyon.

**Organisasyon ng ideya**

**1.2.1 Kaisahan**

**Talahanayan 5**
**Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Organisasyon ng Ideya ng Kaisahan**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 12 | 8.28 |
| Mahusay | 3 | 28 | 19.31 |
| Nalilinang | 2 | 57 | 39.31 |
| Nagsisimula | 1 | 48 | 33.10 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **2.028** | |
| | | **Nalilinang** | |

Ipinapakita na labing dalawa (12) o (8.28%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, dalampu't walong (28) o (19.31%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, limampu't pitong (57) o (39.31%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, apatnapu't walong (48) o (33.10%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuoang mean ay nakakuha ng 2.028 na may katumbas na Nalilinang. Ibig sabihin may kahinaan pa rin ang mga mag-aaral sa pagsulat, kaya't nalilinang ang nakuha ng mataas na marka sa pagsulat ng talata ayon sa organisasyon ng ideya ng kaisahan.

### 1.2.2 Kohirens

**Talahanayan 6 : Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Organisasyon ng Ideya ng Kohirens**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 12 | 8.28 |
| Mahusay | 3 | 21 | 14.48 |
| Nalilinang | 2 | 64 | 44.14 |
| Nagsisimula | 1 | 48 | 33.10 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **1.979** | |
| | | **Nagsisimula** | |

Ipinapakita na labindalawang (12) o (8.28%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, dalampu't isang (21) o (14.48%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, animnapu't apat (64) o (44.14%) na mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, apatnapu't walong (48) o (33.10%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 1.979 na may katumbas na Nagsisimula.

Ibig sabihin nagsisimula palang ang kakayahan sa pagsulat ng talata ayon sa organisasyon ng ideya ng kohirens.

### 1.2.3 Empasis

**Talahanayan 7 : Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Organisasyon ng Ideya ng Empasis**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 12 | 8.28 |
| Mahusay | 3 | 16 | 11.03 |
| Nalilinang | 2 | 56 | 38.62 |
| Nagsisimula | 1 | 61 | 42.07 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **1.855** | |
| | | **Nagsisimula** | |

Ipinapakita na labindalawang (12) o (8.28%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, labing anim (16) o (11.03%) na mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, limampu't anim (56) o (38.62%) na mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, animnapu't isang (61) o (42.07%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 1.855 na may katumbas na Nagsisimula. Ibig sabihin nagsisimula palang ang kakayahan sa pagsulat ng talata ayon sa organisasyon ng ideya ng empasis.

**1.3.1 Mekaniks Bantas**

**Talahanayan 8 : Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Mekaniks ng Bantas**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 4 | 2.76 |
| Mahusay | 3 | 42 | 28.97 |
| Nalilinang | 2 | 54 | 37.24 |
| Nagsisimula | 1 | 45 | 31.03 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **2.034** | |
| | | **Nalilinang** | |

Ipinapakita na apat (4) o (2.76%) na mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, apatnapu't dalawang (42) o (28.97%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, limampu't apat (54) o (37.24%) na mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, apatnapu't limang (45) o (31.03%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.034 na may katumbas na Nalilinang. Ibig sabihin may kahinaan pa rin kaya't nalilinang ang nakakuha ng mataas na marka sa pagsulat ng talata ayon sa mekaniks ng bantas.

**1.3.2 Paggamit ng malalaking titik**

**Talahanayan 9 : Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Mekaniks ng Paggamit ng Malalaking Titik**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 12 | 8.28 |
| Mahusay | 3 | 21 | 14.48 |
| Nalilinang | 2 | 60 | 41.38 |
| Nagsisimula | 1 | 52 | 35.86 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **1.952** | |
| | | **Nagsisimula** | |

Ipinapakita na labindalawang (12) o (8.28%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, dalawampu't isang (21) o (14.48%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na mahusay, anim na pu't (60) o (41.38%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, limampu't dalawang (52) o (35.86%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 1.952 na may katumbas na Nagsisimula.Ibig sabihin nagsisimula palang ang kakayahan sa pagsulat ng talata ayon sa organisasyon ng ideya ng empasis.

**1.3.3 Pagbaybay**

**Talahanayan 10 : Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Mekaniks ng Pagbaybay**

| Descriptive Value | Scale | Frequency | Percent |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 4 | 12 | 8.28 |
| Mahusay | 3 | 37 | 25.52 |
| Nalilinang | 2 | 63 | 43.45 |
| Nagsisimula | 1 | 33 | 22.76 |
| | **Total** | **145** | **100.00** |
| | **Mean** | **2.193** | |
| | | **Nalilinang** | |

Ipinapakita na labindalawang (12) o (8.28%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (4) na may katumbas na Napakahusay, tatlumpu't pitong (37) o (25.52%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (3) na may katumbas na Mahusay, animnapu't tatlong (63) o (43.45%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (2) na may katumbas na Nalilinang, tatlumpu't tatlong (33) o (22.76%) mag-aaral ang nakakuha ng *scale* na (1) na may katumbas na Nagsisimula. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.193 na may katumbas na Naglilinang. Ibig sabihin may kahinaan pa rin kaya't nalilinang ang nakakuha ng mataas na marka sa pagsulat ng talata ayon sa mekaniks ng pagbabaybay.

**Buod sa Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata**

**Talahanayan 11 : Buod sa Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata**

| | **Mean** | **Descriptive Rating** | **Rank** |
|---|---|---|---|
| Panimula | 2.200 | Nalilinang | 1 |
| Katawan o Gitna | 1.945 | Nagsisimula | 8 |
| Wakas o Konklusyon | 1.972 | Nagsisimula | 6 |
| Kaisahan | 2.028 | Nalilinang | 4 |
| Kohirens | 1.979 | Nagsisimula | 5 |
| Empasis | 1.855 | Nagsisimula | 9 |
| Bantas | 2.034 | Nalilinang | 3 |
| Paggamit ng malalaking titik | 1.952 | Nagsisimula | 7 |
| Pagbaybay | 2.193 | Nagsisimula | 2 |
| **Overall Weighted Mean** | **2.018** | **Nalilinang** | |

Lumalabas na sa Buod sa Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ayon sa Panimula ay nakakuha ng *mean* na 2.2 na may katumbas na Panimula na nasa ranggo 1, Empasis na nakakuha ng *mean* na 1.855 na may katumbas na Nagsisimula na nasa ranggo

Sa kabuuang *mean* ay nakakuha ng 2.018 na may katumbas na Naglilinang. Ibig sabihin mahina ang mga mag-aaral sa pagsulat ng talata kung ang pag-uusapana ay pagbuo ng panimulang talata, pangalawa ang pagbaybay at pangatlo ang bantas. Makikita na mahina sa gramatika ang mga mag-aaral.

**2. Mga kamalian sa pagsulat ng talata**

**1.1Paraan at Kasanayan sa paglalahad**

**Talahanayan 12 : Mga kamalian sa pagsulat ng Talata ayon sa Paraan at Kasanayan sa Paglalahad**

| **Paraan At Kasanayan Sa Paglalahad** | **Frequency** | **Rank** |
|---|---|---|
| Panimula | 22 | 2 |
| Katawan | 25 | 1 |
| Konklusyon | 25 | 1 |

Lumalabas sa mga kamalian sa pagsulat ng talata ayon sa paraan at kasanayan sa paglalahad, nangunguna (1st) sa Rank ay ang Katawan at Konklusyon (25), at pangalawa (2nd) Panimula. Lumalabas na ang maraming kamalian sa pagsulat ng konklusyon ng mga mag-aaral ay ang pagsulat ng konklusyon.

### 1.2 Organisasyon ng Ideya

**Talahanayan 13 : Mga kamalian sa pagsulat ng Talata ayon sa Organisasyon ng Ideya**

| Organisasyon Ng Ideya | Frequency | Rank |
|---|---|---|
| Kaisahan | 21 | 2 |
| Kohirens | 20 | 3 |
| Empasis | 22 | 1 |

Lumalabas sa mga kamalian sa pagsulat ng talata ayon sa organisasyon ng ideya, nangunguna (1st) sa Rank ay ang Empasis (22), pangalawa (2nd) Kaisahan (21), at pangatlo (3rd) Kohirens (20). Lumalabas sa resulta na ang empasis ang kalimitang may pagkakamali ang mga mag-aaral sa pagsulat ng talata.

### 1.3.1 Mekaniks Bantas

**Talahanayan 14: Mga kamalian sa pagsulat ng Talata ayon sa Bantas**

| Mga Pagkakamali ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Talata ayon sa Bantas | Frequency | Rank |
|---|---|---|
| Tuldok | 53 | 1 |
| Kuwit | 22 | 4 |
| Gitling | 36 | 2 |
| Kudlit | 24 | 3 |
| Panipi | 6 | 5 |
| Tandang Pananong | 2 | 6 |

Lumalabas sa mga kamalian sa pagsulat ng talata ayon sa bantas, nangunguna (1st) sa Rank ay ang Tuldok (53), pangalawa (2nd) Gitling (36), pangatlo (3rd) Kudlit (24), pang apat (4th) Kuwit (22), panlima (5th) Panipi (6), at pang-anim (6th) Tandang Pananong (2). Lumalabas sa resulta na ang paggamit ng tuldok ang may pinakamaraming pagkakamaling naisulat ng mga mag-aaral. Napakahalaga ng paggamit ng bantas sa pagbuo ng pangungusap o talata, kaya sa mga guro na maalam kung paano ito ituro ng maayos at gamitan ng naangkop na stratehiya ay mahalaga sa pagkatutuo ng mga mag-aaral.

**Kapitalisasyon/Pagbaybay**

Lumalabas sa resulta na pagdating sa dalawang kategorya, ang kapitalisasyon at pagbabaybay ng mga mag-aaral ay salat pa sa kaalaman sa tamang paraan ng paggamit ng nasabing dalawang kategorya, sadyang mahina pa ang antas ng kanilang kakayahan sa pagsulat ng talata gamit ang mekaniks na kinapapalooban ng kapitalisasyon at pagbabaybay.

**Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata**

**Talahanayan 16 : Hamong Kinakaharap ng mga Mag – aaral**

| Mga hamon sa pagsulat ng talata | Mean | Descriptive Rating | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Nahihirapan sa pagbuo ng talata nang may panimula, gitna at konklusyon. | 3.05 | Sumasang - ayon | 9 |
| 2. May suliranin sa pagbuo ng magkakaugnay na pangungusap. | 3.11 | Sumasang - ayon | 5 |
| 3. Nalilito sa wastong paggamit ng bantas gaya ng tuldok, kuwit, tandang padamdam at iba pa. | 3.06 | Sumasang - ayon | 8 |
| 4. Maling paggamit ng malalaking titik o capitalization. | 3.07 | Sumasang - ayon | 7 |
| 5. May kalituhan sa pagbabay ng mga salita sa Filipino. | 3.20 | Sumasang - ayon | 3 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. Hindi nakasusunod sa wastong proseso ng pagsulat. | 3.00 | Sumasang - ayon | 10 |
| 7. Kakulangan ng magagamit na sangguniang mailalapat sa katawan ng talata. | 3.20 | Sumasang - ayon | 3 |
| 8. Hindi pamilyar sa mga paksang nakalahad. | 3.10 | Sumasang - ayon | 6 |
| 9. Nakararanas ng pagkalito sa pagpili ng angkop na mga salitang gagamitin. | 3.22 | Sumasang - ayon | 2 |
| 10. Nahihirapan sa pagsulat ng nakawiwiling panimula. | 3.28 | Lubos na Sumasang - ayon | 1 |
| **Overall Weighted Mean** | **3.13** | **Sumasang - ayon** | |

Lumalabas na sa hamong kinakaharap ng mga mag – aaral ayon sa Nahihirapan sa pagsulat ng nakawiwiling panimula ay nakakuha ng *mean* na 3.28 na may katumbas na Lubos na Sumasang - ayon na nasa ranggo 1, Hindi nakasusunod sa wastong proseso ng pagsulat na nakakuha ng *mean* na 3.00 na may katumbas na Sumasang-ayon na nasa ranggo 10. Sa kabuuan ay nakakuha ng 3.13 na may katumbas na sumang-ayon. Ibig sabihin may kahinaan pa rin ang komprehensyong pagbasa ng mga mag-aaral kaya't hindi gaanong nakakuha ng mataas na marka para sa hamong kinakaharap ng mga mag – aaral.

**Makabuluhang Kaugnayan ng ng mga Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ng mga Mag – aaral at Hamong Kinakaharap sa Pagsulat ng Talata.**

**Talahanayan 17 : Makabuluhang Kaugnayan ng mga Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ng mga Mag – aaral at Hamong Kinakaharap sa Pagsulat ng Talata**

| **Source of Correlations** | | **Hamon** | **Kakayahan** | **Decision/ Interpretation** |
|---|---|---|---|---|
| Hamon | Pearson Correlation | 1 | -0.007 | No Relationship<br><br>Accept Ho<br>Not Significant |
| | Sig. (2-tailed) | | 0.931 | |
| | N | 145 | 145 | |
| Kakayahan | Pearson Correlation | -0.007 | 1 | |
| | Sig. (2-tailed) | 0.931 | | |
| | N | 145 | 145 | |

Makikita sa Talahanayan 17 ang Makabuluhang Kaugnayan ng mga Kakayahan sa Pagsulat ng Talata ng mga Mag – aaral at Hamong Kinakaharap sa Pagsulat ng Talata.

Ang nakompyut na Pearson r ay 1, lumalabas na walang kaugnayan ang hamong kinahaharap sa pagsulat ng talata sa kakayahan sa pagsulat ng talata ng mga mag-aaral. Samantalang ang Pearson r ng kakayahan sa pagsulat ng talata ng mga mag-aaral ay 1 na ang ibig sabihin ay tanggap ang walang bisang pala-palagay, samakatuwid walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa hamong kinahahrap sa pagsulat ng talata.

**3. Mungkahing Interbensyong Bubuuin upang Maibsan ang Hamong Hinaharap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Talata**

Ang nabuong mungkahing interbensyon ng kasalukuyang mananaliksik ay ang **TALA-SERYE na isang Educational Video.**

**Rationale**: Ang *educational video* o *video lesson* na ito ay binuo bilang interbensyon nang maibsan ang mga suliranin at kamalian sa pagsulat ng talata ng mga mag-aaral partikular na ng mga nasa Baitang 7 at 8. Masinsinang tinalakay rito ang mga paksa at konsepto mula sa katuturan, mga bahagi ng talata hanggang sa mga karagdagang bagay na dapat isaalang-alang upang maging mahusay sa pagsulat ng talata tulad ng pagbabantas, pagbabaybay at wastong kapitalisasyon. Inaasahan na sa tulong nito ay makakamit ng mga mag-aaral ang layuning makabuo ng magkakaugnay-ugnay at maayos na mga pangungusap. Maingat namang pinili ang mga larawan at tunog na inilapat na aangkop sa nasabing educational video upang higit na maging kaaya-aya sa mata ng mga manunuod. Binigyan din ng karampatang pagkilala ang mga manunulat at sangguniang pinagkunan ng mga impormasyon.

**Nilalaman:** Matatalakay sa Video Lesson na may paksang 'Pagsulat' ng Talata' ang katuturan, bahagi, at mga dapat isaalang-alang sa wastong pagsulat ng talata

**Paano isasagawa ang interbensyon**: Para sa mga mag-aaral na nabibilang sa naka F2F o face-to-face, maaari nang ipanuod sa kanila ang educational video bago sumulat ng talata. Samantala, para naman sa mga 'modular', maaaring ibigay o i-send sa naturang group chat ang link ng video lesson upang mapanuod. Para naman sa may mga suliranin sa mahinang internet connection, ipapaskil ang educational video sa youtube channel o fb page upang ma-access sa pagkakataong magkaroon ng maayos na signal.

**Deskripsyon ng Tala-Serye (Educational Video):** Ang TALA-SERYE ang hango sa salitang TALA (talata) at SERYE (dahil binubuo ito ng ilang educational video kaugnay ng pagsulat ng talata). Ito ang mungkahing interbensyon na nabuo ng mananaliksik upang maibsan ang mga suliraning kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata. Mayroon itong tatlong serye. Una, ang pagtalakay sa pagbabantas kabilang ang kuwit, gitling at kudlit na lumabas na ikalawa ($2^{nd}$) hanggang ikaapat ($4^{th}$) na ranggo na pinakamalimit na pagkakamali ng mga mag-aaral na ginagamit na bantas. Binigyang diin naman dito ang paggamit ng tuldok sapagkat ito ang nakakuha ng unang ranggo ($1^{st}$) dahil sa dami ng bilang ng mga nagkakamnali sa paggamit nito. Mayroon din itong kalakip na panimulang gawain at pagtataya na makatutulong sa lubos na pang-unawa ng mga mag-aaral na manunuod ng nasabing educational video. Sinundan naman ito ng pagtalakay sa mga agamit ng pang-ugnay upang mapanatili ang kaisahan at kohirens sa pagbuo ng mga talata at ang huli, ang bahagi ng mga talata para naman sa maayos na pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap

## V. CONCLUSION

Ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng talata ayon sa paraan at kasanayan sa paglalahad ay nalilinang sa panimula at katawan, samantalang nagsisimula sa wakas o konklusyon. Nalilinang naman sa pagsulat ng talata ayon sa organisayon ng ideya sa kaisahan at nagsisimula naman sa kohirens at emphasis. Samantalang sa antas ng kakayahan sa pagsulat ng talata ayon sa mekaniks sa bantas at pagbaybay ay nalilinang at nagsisimula naman sa paggamit ng malalaking titik. Ang mga kamalian sa pagsulat ng talata ayon sa paraan at kasanayan sa paglalahad ay pagsulat sa katawan at konklusyon, sa organisasyon naman ng ideya ay ang emphasis, sa mekaniks naman ay ang pagsulat ng tuldok. Samantalang lumalabas sa resulta na pagdating sa dalawang kategorya, ang kapitalisasyon at pagbabaybay ng mga mag-aaral ay salat pa sa kaalaman sa tamang paraan ng paggamit ng nasabing dalawang kategorya, sadyang mahina pa ang antas ng kanilang kakayahan sa pagsulat ng talata gamit ang mekaniks na kinapapalooban ng kapitalisasyon at pagbabaybay.Ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon sa hamong kinahaharap sa pagsulat ng talata.Walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa hamong kinahaharap sa pagsulat ng talata.Ang mungkahing interbensyong nabuo upang maibsan ang hamong kinahaharapa ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata ay ang TALA-Serye. rence on the factors affecting boarding student respondents in terms of sex. There is no significant relationship between factors affecting the boarding student – respondent in terms of financial ,personal and boarding house

## VI. RECOMMENDATIONS

Para sa guro kailangang maging malikhain at mapamaraan para magkaroon ng sapat na kasanayan sa pagtuturo na mag-uudyok sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral gaya ng iba't ibang 'drill' o pagsasanay sa pagsulat ng talatang may angkop na pamantayang magwawasto sa mga kamailan sa pagbabaybay, capitalization at iba pa.Nararapat lamang na ang mga guro ay hahanap ng mabisang paraan upang mapahalagahan ang mga iba't ibang dulog at istratehiya kaakibat nito ang makabagong kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo sa mga mag-aaral.Agarang –Pantulong (*remedial teaching*) kaugnay ng makrong kasanayan sa pagsulat ay mahigpit na ipatupad. Mainam na lapatan din ito ng mga gawain tulad ng pagbibigay ng mga 'worksheets' at pagpapabaybay upang mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata at iba pang komposisyon.Sa Administrasyon, bigyang pokus ang pagbibigay ng mga seminar-workshop o kaya naman ay LAC Session (Learning Action Cell) na tumatalakay sa pagsulat nang mapalawak pa ang kaalaman ng mga guro na nagtuturo nito.Sa mga magulang magkaroon ng sapat na oras na maturuan ang mga anak sa pagsulat, bigyan sila ng mga pagsasanay na may kinalaman sa makrong kasanayan na ito. Magsagawa ng mas malalim at malawak na panibagong pag-aaral upang mabalido o mapatunayan ang kinalabasan ng pag-aaral.

## REFERENCES

[1]. Fernadez (2015). https://www.scribd.com/document/440529056/Kabanata-2-Pagsulat-Kaugnay-Na-Lokal-Na-Literatura
[2]. EducationForAll(2015)https://www.scribd.com/document/470874751/angkurikulumngedukasyongsekondaring2010-161108114049
[3]. Saavedra, A. (2020). Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English of the Elementary Pupils. https://tinyurl.com/bdeb2ja5
[4]. Anderson, S. (2017). Common Writing Challenges High-School Students Encounter and Ways to Help Them. https://tinyurl.com/4926285r